

Lungsod ng Whittier
Polisiya sa Pagtigil ng Serbisyo sa Tubig

Alinsunod sa Batas sa Pagprotektang sa Pagputol ng Serbisyo sa Tubig (Water Shutoff Protection Act, SB 998 Dodd)

Nalalapat ang polisiya sa:

- Mga nakabukod na bahay para sa isang pamilya
- Mga estrukturang residensiyal na mayroong maraming yunit
- Mga parke para sa naililipat na bahay (mobile home)
- Mga propyedad o pag-aari kung saan ang may-ari o tagapamahala ay ang nakatalang customer

Hindi nalalapat ang polisiya sa:

- Mga komersiyal na account
- Mga industriyal na account
- Mga landscape na account
- Mga account ng Serbisyo sa Sunog

Proseso ng Pagsingil

- Ipinapadala ang mga bill ng tubig kada ikalawang buwan upang masaklawan ang panahon ng nakaraang dalawang buwan ng serbisyo.
- Ipinapadala ang mga bill na may itinakdang petsa na 15 araw mula sa petsa ng bill.
- Ipinapadala ang isang Abiso ng Paalala (Reminder Notice) 30 araw mula sa itinakdang petsa kung walang bayad na natanggap.
- Ipinapadala ang Huling "Pink" na Abiso 50 araw mula sa itinakdang petsa kung walang bayad na natanggap. Isasama sa Huling "Pink" na Abiso ang isang kopya ng Polisiya sa Pagtigil ng Serbisyo sa Tubig (Water Service Discontinuation Policy).
- Kung ang Huling "Pink" na Abiso ay naibalik sa post office bilang hindi naipadala, bibisitahin ang pinagseserbisyuhang address upang maglagay ng notipikasyon sa pintuan para ipagbigay-alam sa customer ang nalalapat na petsa ng pagputol ng serbisyo sa tubig at isang kopya ng Polisiya sa Pagtigil ng Serbisyo sa Tubig.
- Ititigil ang serbisyo nang hindi mas maaga sa 60 araw pagkatapos ng itinakdang petsa kung walang natanggap na bayad maliban kung mayroong ipinasang nakasulat na apela o kung may napagkasunduang areglo sa pagbabayad.

Humigit-kumulang 55 araw pagkatapos ipadala ang unang singil, ipinapadala ang Huling "Pink" na Abiso na nagbibigay-alam sa customer ng huling araw ng pagbabayad ng bill upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo sa tubig. Ang huling araw ay hindi bababa sa 60 araw pagkatapos ng orihinal na itinakdang petsa.

Kung ang customer ay ang may-ari (landlord) at hindi ang aktuwal na naninirahan sa bahay, ang mga naninirahan ay bibigyan ng notipikasyon nang 10 araw na mas maaga, sa pamamagitan ng paglalagay ng notipikasyon sa pinto, na ang account ng tubig ay hindi pa nababayaran at ititigil na ang serbisyo.

Proseso ng Apela

Kung kukuwestiyunin ang halaga ng anumang singil sa serbisyo, kailangang agad na humiling ng paliwanag ang customer mula sa Serbisyo para sa Customer sa (562) 567-9530. Kung hindi kasiya-siya ang paliwanag o hindi ito naintindihan, maaaring tutulan ng customer ang bill sa pamamagitan ng pagsulat sa Direktor ng Mga Pamublikong Gawain (Public Works Director) sa Whittier City Hall, 13230 Penn Street, Whittier, CA 90602. Kailangang nakalagay sa mga apela ang mga dahilan kung bakit pinapaniwalaang hindi tama ang mga singil. Susuriin ng Direktor ng Mga Pamublikong Gawain ang mga katotohanan ng kaso at siya ay awtorisado upang gumawa ng mga pagsasaayos sa mga singil kung kinakailangan upang magkaroon ng makatarungang paniningil. Hindi ititigil ang serbisyo sa tubig habang nakabinbin ang apela. Ang pagkabigo ng customer na magbayad ng anumang delingkuwente o napabayaang halaga ng bill sa loob ng 5 araw ng negosyo pagkatapos ibigay ng Direktor ng Mga Pamublikong Gawain ang pinal na desisyon sa apela sa customer ay magdudulot ng pagtigil ng serbisyo nang walang karagdagang abiso.

Proseso sa Pag-aareglo ng Bayad

Papayagan ang mga customer na magkaroon ng areglo sa pagbabayad kung matutugunan ang **lahat** ng mga sumusunod na kondisyon:

1. Humiling ang customer ng areglo sa pagbabayad bago umabot sa 60 araw na delingkuwente ang account.
2. Nagsumite ang customer ng sertipikasyon mula sa mga provider ng pangunahing pangangalaga ng kalusugan na ang pagtigil ng serbisyo sa tubig ay mapanganib sa buhay o isang malubhang banta.
3. Nagbigay ang customer ng ebidensiya na siya ay hindi makakapagbayad ayon sa normal na siklo ng pagsingil. Kabilang sa ebidensiya ang pakikilahok sa CalWorks, CalFresh, General Assistance, Medi-Cal, SSI o CARE (200% ng antas ng kahirapan).

Ilalagay sa sulat ang iskedyul ng areglo sa pagbabayad. Hihilingin sa customer na pumirma at bibigyan siya ng kopya nito. Ang mga areglo sa pagbabayad ay mangangailangan ng buo at nasa oras na pagbabayad ng mga bill sa hinaharap habang ang delingkuwenteng halaga ay maaaring hatiin sa iilang siklo ng pagsingil.

Kung hindi makasunod ang Customer sa napagkasunduang areglo sa pagbabayad sa loob ng 60 araw o higit pa o hindi nagbabayad ng mga kasalukuyang singil nang 60 araw o higit pa, ititigil ang serbisyo sa tubig pagkatapos ng abiso sa loob ng 5 araw ng negosyo.

Tumawag sa serbisyo sa customer sa (562) 567-9530 upang humiling ng areglo sa pagbabayad.

Pagbabalik ng Serbisyo

Ang delingkuwenteng balanse at bayad para sa pagbabalik ng serbisyo na \$30 ay kailangang bayaran nang buo upang maibalik ang serbisyo sa panahon ng regular na oras ng negosyo.